Mga Imbestigasyon ng Adult Protective Services (APS)
Fact Sheet

Adult Protective Services (APS) Investigations
Fact Sheet

Iniimbestigahan ng Adult Protective Services (APS) ang isang ulat na maaaring inabuso, inabandona, pinansyal na pinagsamantalahan, o pinabayaan ninyo ang isang bulnerableng matanda. Ipinapaalam sa inyo ng dokumentong ito ang proseso ng imbestigasyon, ang inyong mga karapatan, at iba pang mahalagang impormasyon. Bilang bahagi ng imbestigasyon, susuriin ng APS ang mga rekord at kakapanayamin ang mga tao tungkol sa (mga) paratang.

Ang kalalabasan ng imbestigasyon ay maaaring magkaroon ng mga seryosong kahihinatnan para sa inyo. Mangyaring basahin ito nang maingat.

Ang imbestigador na itinalaga sa inyong kaso ay:
Maaari silang matawagan sa:

Ano ang aking mga karapatan?

- Mayroon kayong karapatang magsama ng ikatlong partido (tulad ng isang kaibigan, abogado, kinatawan ng unyon, miyembro ng pamilya, o tagapangalaga) habang isinasagawa ang panayam.
- Kung ang Ingles ay hindi ninyo pangunahing wika, mayroon kayong karapatan sa isang libreng interpreter (hindi pinahihintulutan ang APS na gumamit ng mga miyembro ng pamilya bilang mga interpreter).
- Mayroon kayong karapatan na huwag lumahok sa panayam, itigil ito, o muling itakda ang iskedyul nito.
- Mayroon kayong karapatang magbanggit sa APS ng mga dokumento o mga saksi na may kaugnayan sa mga paratang.

Paano ako aabisuhan ng APS tungkol sa kalalabasan ng imbestigasyon?

- Ang APS ay gumagawa ng desisyon batay sa ebidensyang nakalap ng APS sa panahon ng imbestigasyon. Ang mga uri ng desisyon na ginagawa ng APS ay:
  - **Pinatunayan (Substantiated):** Mas malamang kaysa sa hindi na nangyari ang pinaghihinalaang insidente.
  - **Hindi Pinatunayan (Unsubstantiated):** Mas malamang kaysa sa hindi na hindi nangyari ang pinaghihinalaang insidente.
  - **Hindi Matiyak (Inconclusive):** Hindi matukoy kung nangyari o hindi ang pinaghihinalaang insidente.
- Kung matuklasan ng APS na mas malamang kaysa sa hindi na nangyari ang insidente, aabisuhan kayo ng APS sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat gamit ang sertipikadong koreo at regular na koreo.
- Kung matuklasan ng APS na mas malamang kaysa sa hindi na hindi nangyari ang insidente, aabisuhan kayo ng APS nang pasalita. Maaaring magbigay ang APS ng sulat sa inyo kung inyong hihilingin.
- Kung hindi matukoy ng APS kung nangyari o hindi ang insidente, aabisuhan kayo ng APS nang pasalita. Maaaring magbigay ang APS ng sulat sa inyo kung inyong hihilingin.
- Kung walang hawak na kasalukuyang address ang APS para sa inyo, maaari ninyong makaligtaan ang mahahalagang sulat at mga deadline.

Ano ang ibig sabihin ng pinatunayang (substantiated) pasiya?

Kung magpasya ang APS na ang mga paratang ng pang-aabuso, kapabayaan, pag-abandona, o pinansyal na pagsasamantala ay “pinatunayan”, maaari kayong humiling ng pagdinig kung hindi kayo sumasang-ayon sa pasiya. Kung ang desisyon ng APS ay panigan sa pagtatapos ng proseso ng pagdinig, ang inyong pangalan ay ilalagay sa isang rehistro.

Ang pagkakabilang sa rehistro ay nangangahulugang maaaring hindi na kayo makapagtrabaho o makapagboluntaryo sa anumang lugar kung saan maaari kayong magkaroon ng pakikipag-ugnayan nang walang nakatitigin/superbisyon sa mga bulnerableng matanda o mga bata. Sa kasalukuyan, walang paraan upang maalis ang inyong pangalan sa rehistro.

Maaari ko bang hamunin ang desisyon ng APS?

- Kung magpasya ang APS na ang pinaghihinalaang insidente ay **hindi pinatunayan** o **hindi matiyak**, wala na kayong kailangang gawin.
- Kung magpasya ang APS na ang pinaghihinalaang insidente ay **pinatunayan** at hindi kayo sumasang-ayon, maaari kayong humiling ng pagdinig. Isasaad sa sulat ng APS kung paano ito gagawin.

Upang humiling ng pagdinig, mayroon lamang kayo hanggang 5:00 p.m. sa ika-30 araw sa kalendaryo pagkatapos ng petsa kung kailan ipinadala sa koreo o personal na ibinigay sa inyo ang sulat ng abiso ng departamento, alinman ang mauna.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Maaari kayong makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa APS online sa https://www.dshs.wa.gov/altsa/adult-protective-services-aps.